

## TP4173

---

*Juan Miguel Leandro Quizon*

Ika-anim ng Nobyembre, taong 2020, sa akin mismong kaarawan, pinagdaanan ko ang pinaka-nakaaasiwang medikal na eksamen na aking naranasan – ang swab test para sa COVID-19 (C19). Sa araw din na ito, kinailangang sumailalim ng buong pamilya sa swab test dahil dumating ang balitang positibo si Mama ilang araw lámang ang nakakaraan. Marahil ay nahawa siya sa mga pasyenteng nagpapakonsulta sa kaniya. Simula nang pumutok ang pandemya ilang buwan na ang nakararaan, hindi siya tumigil sa paglilingkod sa aming lalawigan – ang lalawigan ng Tarlac – bílang púnong-tagapayo ng gobernadora ukol sa pandemya. Sa aming munting barangay, patúloy rin ang kaniyang serbisyo sa aming mga kapit-bahay na walang kakayahang magpakonsulta sa mga ospital. Araw-araw, nakalantad siya sa iba't ibang posibilidad ng pagkahawa; ni minsa'y hindi niya inisip ang pansariling kapakanan dahil para sa kaniya, nanumpa siyang maglingkod sa komunidad sa panahon ng epidemya o pandemya.

Bilang tulong sa komunidad, mura ang singil ni Mama sa kaniyang mga pasyente. Kadalasan pa'y gulay, prutas, o kakanin na lamang ang ibinibigay sa kaniya. Dahil na rin sa pandemya, maraming Tarlaqueño ang nawalan ng trabaho. Ito na rin marahil ang dahilan kung bakit imbes na sa ospital magtungo ang mga tao ditto sa aming barangay, kay Mama na lamang sila dumidiretso para pakonsulta.

Nang sumamá ang pakiramdam niya isang gabí, agad na siyang nagpa-swab. Kinabukasa'y bumuti naman ang kaniyang pakiramdam, kayâ hindi kami nag-alalá. Habang naliligo ako, narinig ko ang pag-uusap ni

Mama at ni Dad: *“Dad, positive ako.”* Natigil ako sa pagkukuskos ng aking katawan. Pakiramdam ko’y masusuká ako sa kaba. Sumakit ang aking sentido at naramdaman kong nanlambot ang aking buong katawan. Hindi ko napansin na kasabay ng pagtulo ng tubig ay ang pagpatak ng aking luha. Bumilis ang pintig ng aking puso at pakiramdam ko’y buong pagkatao ko’y biglaang nanlamig. Ang unang pumasok sa aking utak ay ang kaligtasan ng aking mga magulang.

Pulido na ang mga plano sa darating na Sabado – uuwi ang aking nakababatang kapatid mula sa Maynila, at dadalaw ang ilang mga kamag-anak upang magkaroon nang munting salo-salo para sa aking kaarawan. Madalang ko rin Makita ang aking kapatid na nagsisilbing doktor sa Veterans Memorial Medical Center. Kung gugustuhin, maaari naman siyang umuwi kung kalian niya nanaisin, subalit tulad ni Mama, mahalaga sa kaniya ang sinumpaang tungkulin – serbisyong pang-kalusugan para sa taumbayan. Isa pa sa kaniyang dahilan ay ayaw niyang mag-uwi ng sakit ditto sa aming tahanan sa probinsya. Ulit-ulit niyang sinasabing mataas ang antas ng kanilang exposure dahil na rin sa eksponensyal na paglaganap ng C19 sa kalakhang Maynila. *“Kuya, kaming mga doktor at HCWs na mismo ang umaaray dito.”* Hindi na raw biro ang bilang ng mga kaso.

Paglabas ko ng banyo, agaran akong kinatok ni Mama: *“Kailangan natin mag-quarantine. I’m C19 positive.”* Marami pang sumunod na sinabi si Mama. Mga tagubilin at direksiyon upang mabawasan ang posibilidad na makahawa, ngunit wala akong naririnig. Ang daming tumatakbo sa aking isipan nang mga panahong iyon: *“Sa akin ba siya nahawa? Anong gagawin ko kung pati si Dad mag-positive? Pareho na siláng may edad. Sana ay hindi maging malala ang mga sitwasyon.”* Naaalala kong tumatango ako kay Mama nang ibinilin niyang huwag akong lumabas at kinakailangang layuan si Dad. Sa mga panahong iyon, si Dad ang mahalagang inaalala: kakatapos niya lámang sa anim na buwang pagpapagaling sa sakít na tuberculosis. Hindi pa sapat ang lakas ng kaniyang bágâ, kayâ siya ang unang inisip namin ni Mama. Nagkaroon na din ng komplikasyon si Dad noong 2005 nang atakihin siya sa puso. Ito ang mga detalyeng isinaalang-alang namin nang makuha ang mga resulta.

Nagsimulang maghabilin si Mama. Inisa-isa niya ang mga gamot na kailangang inumin: mayroong antibiotic, antiviral, at samu't saring mga gamot na magpapataas at magpapalakas sa aming immune system. Isa sa mga unang ginawa ko ay ang ihiwalay ang aking mga kubyertos, plato, at baso. Nang mismong gabíng iyon, sa sala na natulog si Mama. Kaniya-kaniyang tágô na kami sa aming mga kuwarto. Makaplipas ang ilang minuto, tumawag na ang aking kapatid na doktor mula sa Maynila at nagbigay na rin ng kaniyang mga habilit' tagubilin sa amin bílang siya ang hospital-based at mas may karanasan sa mga pasyenteng positibo sa C19. Ang pulidong plano, ang salo-salo para sa aking kaarawan, ay naging mitsa nang halos tatlong linggong pagkabalisa – samu't saring antas ng nerbiyos, bagabag, at pag-aalalá.

\*\*\*

Sa aking kaarawan, dumating ang tatlong healthcare workers sa aming tahanan. Simula nang maláman kong kinakailangan naming lahat sumailalim sa swab testing, sinimulan ko nang tanungin ang mga kaibigang naranasan na ito. Sa aking mga nababása, alam kong may dulot itong kakaibang pakiramdam matapos ang eksamen. Para sa iba, gusto nilang bumahing nang bumahing matapos ipasok sa ilong ang manipis na bulak na nása dulo ng maliit na patpat – mistulang isang pinahabang cotton buds. Hinanda ko ang aking sarili. Alam kong hindi magiging komportable ang pakiramdam pagkatapos ng eksamen. Totoo nga ang sabi sa akin ng isa sa aking mga kaibigan: *"It's one of the most intrusive and uncomfortable medical procedure."* Napakapit ako sa aking inuupuan. Iyon na marahil ang pinakamahabang apat na segundo ng aking búhay. Subalit ang tumatakbo sa aking utak noong mga panahong iyon ay ito: kung ako ay mag-positive, ibig sabihin ba nito'y nahawa sa akin si Mama? Ako ba ang nagdala ng sakít sa aming tahanan? Kung sa akin man ito nanggaling, at may masamang mangyari sa aking mga magulang, paano ko sisimulang mapatawad ang aking sarili?

Matapos ang ilang araw, dumating na ang inaabangang balita. Sa labindalawang kamag-anak na sumailalim sa swab test, ako lámang ang nag-positive. Binalikan ko ang mga kaganapan sa aking búhay sa hulíng dalawang

linggo bago kami sumailalim sa swab-testing. Tuwing Linggo, naglalaro kami ng badminton ng aking mga kaibigan dito sa Tarlac. Para sa akin, ligtas ang larong ito dahil kinakailangang rentahan ang buong court, at bawal maglaro ang ibang tao bukod sa grupo namin. Umaabot kami ng dalawa hanggang tatlong oras. Kung tutuusin, dahil non-contact sports ang badminton at may kaniya-kaniya kaming mga raketa, mababa ang posibilidad na magkahawaan.

May isang beses na pagkatapos naming maglaro ay umulan nang malakas. Pawisan akong lumabas ng court at naulanan bago pa man ako makasakay sa aking kotse. Hindi ko ito pinansin: *“Malakas naman resistensya ko.”* Matapos ang ilang araw ay sumakit ang aking lalamunan at nagkaroon ng sinat. Kasama pa nito ang pananakit ng mga kasu-kasuan. Isa na marahil sa pinagsisisihan ko ay ang pagbabale-wala sa mga naramdaman ko. Hindi ko ito pinansin dahil alam ko ang dahilan kung bakit ako nakakaramdam nang ganito. Siguro nga, iyon na ‘yon. Mabuti na lámang at hindi talaga ako lumalabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan. Isang linggo pa ang nakalipas at doon na nakaramdam ng pananakit ng katawan si Mama. Kung tutuusin, wala na akong pananakit na iniinda noong sumailalim ako sa swabbing.

Nang makuha ang resulta namin, mas nakahinga ako nang maluwig. Hindi ko nahawa si Dad, at wala nang iba pang nahawa sa amin. Itinuturing namin na isang milagro ang nangyari kay Dad. Lagi silang magkatabing matulog sa iisang kuwarte, at sa tuwing kakain kami, iisa lámang ang basong pinag-iinuman nila. Marahil ay ayaw ipakita ni Mama na siya’y nababahala dahil sa kaniya kumukuha ng lakas ng loob si Dad. Sa tuwing panghihinaan ng loob si Mama, paniguradong mahahawa sa panghihina ng loob si Dad. Hindi ko inintindi ang aking sariling kaligtasan. Sa bawat ubo ni Mama na maririnig ko sa labas habang nakakulong ako sa aking kuwarte, ramdam ko ang paghinto ng pintig ng aking puso. Alam ko rin na ito ang nararamdaman ni Dad. May pangamba sa bawat ubo ni Mama, at tulad nga ng maraming tao, kadalasa’y mas nakakasira at nakakapanlumo ang pagkabalasang dulot ng sobrang pag-iisip. Noong mga panahong iyon, wala na akong ipinagdasal kung ‘di ang kaligtasan nilang lahat. Pareho ang dasal namin ni Mama: *“Sana ay hindi na mahawa si Dad.”* Sabi ko sa sarili ko, para sa aking kaarawan, ito na lámang ang aking tanging hiling. Isa sa aking

mga pinsan ang nagbigay sa akin ng impormasyong lumitaw na ang kaso ko sa panlalawigang balitaan tungkol sa C19. Ito ang nakalagay:

SAN MIGUEL, TARLAC CITY [TP4173] – 33, male, single, teacher. Patient has a history of exposure to a confirmed COVID positive case and developed mild COVID symptoms on October 27. Swabbed on November 6 and positive result came out on November 9. Patient is under quarantine.

Tiyak. Tuwid. Maikli. Matahas. Limang pangungusap na naglalaman ng samu't saring bagabag na pinagdaanan. Sa paglipas ng bawat araw, bitbit ko sa aking konsensya ang kaligtasan ng aking pamilya. Mayroong mga gabíng hindi ko namamalayang nakakatulog ako habang umiiyak, matapos magdasal para sa tuluyang paggaling naming lahat. Ang mga araw na ginugol kong nakakulong sa aking kuwarto, mas naging malalim ang aking pamimintuho at paniniwala na may daláng katatakutan at kaginhawahan sa tuwing sinusuri ng sarili ang kaniyang/kanilang katapusan. Paano nga ba natin sisimulang siyasatin ang usapin tungkol sa kamatayan? At bakit, kadalasan, mas madaling tanggapin ang pansariling katapusan?

Inungkat ni Siddharta Mukherjee sa kaniyang librong *The Emperor of All Maladies: A Biography of Cancer* (2010) ang makataong kasaysayan ng isang sakit na karaniwang itinatambal sa kamatayan: kanser. Sa pamamagitan ng kaniyang masining na paglalahad, inilantad ni Mukherjee ang kahalagahan ng pagtuklas at pagsipat sa kanser bílang isang sakít na natutunang maranasan, marausan, at makamatayan ng mga tao simula nang maitalâ ang kanser sa usaping kasaysayan. Bílang isang doktor, mananaliksik, at manunulat, nagawa ni Mukherjee na ibahagi ang siglulong karanasan sa pagtuklas, pagbaklas, pagbagtas, at pag-iwas sa isang sakit na patúloy kumikitil sa libu-libong mga tao. Sa pamamagitan ng kaniyang wikang masusing pinag-isipan, inilalapat at inilalapit táyo, bílang tao at mambabasa, sa katotohanan ng kamatayan. Paano nga ba natin titingnan ang kamatayan sa oras na ito'y dumating at nakatitig mismo sa atin?

Kung iisipin, napakaraming talinghaga na ng kamatayan ang ibinahagi sa atin ng panitikan. Lagi't laging may kalalagyan ang trahedyang pagkawala sa mga talinghagang nakapaloob sa mga bawat dula, tula, at katha. Ngunit paano natin tatanggapin ang talinghaga ng katapusan kung ang búhay na isinasaalang-alang ay ang búhay natin o ng mga mahal sa búhay? Marahil, isa sa mga pinakamahalagang katotohanan sa tuwing pinag-uusapan ang paksang kamatayan ay ang ideyang walang permanente sa mundong ibabaw. Para sa iba, napapadali ang pagtanggap sa kamatayan kung tititigan ang búhay bílang isang bagay na hiram lámang. Sabi nga sa isang linya mula sa isang kantang *Sino Ako*: "Hiram sa Diyos ang aking búhay. Ikaw at ako'y tanging handog lámang. Hindi ko ninanais na ako'y isilang. Ngunit Salamat dahil may búhay."

Katoliko akong pinalaki ng aking mga magulang. Marahil ito ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa mga linya ng kantang ito. Kaakibat nito ang paniniwalang may pananagutan táyo sa anyo o klase ng búhay na ating dinanas. Bakit? Dahil ang búhay na ito'y kailangang ibalik kung kanino man ito hiniram. Kayâ sa mga húling sandali, lagi't laging ito ang katanungan: sa búhay na ipinahiram, mayroon ba táyong mga bagay na pinagsisisihan? At kung susukatin natin ang kalidad ng mga taóng inilagi natin dito sa mundong ibabaw, mayroon ba táyong maiiwan upang tayó'y maalala?

\*\*\*

Ilang araw matapos makuha ang resulta, sinubukan kong magpatuloy sa búhay na nakagawian. Unang-una na rito ang paghingi ng paumanhin sa aking mga naiwang estudyante. Isang dekada na rin ako sa bokasyon ng pagtuturo – isa rin sa mga industriyang malubhang tinamaan ng pandemya. Matapos kong ibahagi ang aking sitwasyon sa aking mga estudyante, sila naman ang aking kinumusta. "*Kumusta ang pag-aaral? Kumusta ang sitwasyon ninyo at ng pamilya ninyo?*" At dito na bumuhos ang kanilang mga problema. Samu't saring isyu ang kanilang inihain, at halos lahat nito ay ukol sa kalidad – kalidad ng edukasyong natatanggap, kalidad ng internet connection, kalidad ng espasyo upang matuto, at kalidad ng kanilang kalusugang sikolohikal. Bilang isang gradwadong estudyante, naramdaman ko rin ang hirap upang bunuin ang aking pag-aaral. Dumating

ako sa puntong tinanong ko na ang aking sarili: mayroon pa ba itong katuturan?

Tinangka kong iproseso ang mga reyalidad naming ito, dahil bukod sa mga isyu ng estudyante, marami din ang problemang kinakaharap ng mga guro. Bumungad sa balita ang mga gurong kinakailangang pumanhik ng mga burol, o pumuwesto sa gitna ng kabukiran upang makahagilap ng signal para sa kanilang mga online classes. Ang iba nama'y lumulusong pa sa mga ilog upang maibigay lamang ang mga printed modules ng mga bata. Muli, romantisado na naman ang 'resilience' ng mga Pilipino. Ngunit hindi ba't kay tagal na itong minanipula ng mga taong dapat nagsisilbi sa lipunan? Bukod sa problemang pangkalusugan, inilantad rin ng pandemyang ito ang malalim na problemang pang-edukasyon sa ating bansa. Patuloy na tinatalikuran ang pinaglalabang karapatan ng mga guro at mag-aaral.

Hindi pa man tuluyang nakakabawi mula sa hagupit ng pandemya, binulabog naman ng bagyong Ulysses ang kabuuang Luzon, partikular na ang Gitnang Luzon. Habang lunód na lunód sa pagkabalisa ang pamilya, tutók sa dalanging gumaling na nang walang anumang komplikasyon, nakadagdag sa pagkaligalig ang pagdápô ng bagyo sa kalagitnaan ng gabí. Tatlong araw na walang kuryente, at nagsimula nang makaramdam nang paninikip ng dibdib si Mama. Siya mismo ay ayaw isiping dulot ito ng komplikasyon ng C19. Alam niya sa kaniyang sarili kung bakit nakakaramdam siya ng paninikip ng paghinga. Naiintindihan niya ang kaniyang katawan. Subalit, sa ikalawang araw na hiráp siya sa paghinga, dinala ko na siya sa ospital upang magpatingin.

Sa totoo lang, ayaw niyang pumunta sa ospital dahil ayaw niyang magpa-confine. Ramdam kong pinapatatag niya ang kaniyang loob dahil alam naming lahat ang mangyayari kung maging komplikado ang kaniyang nararamdaman habang naka-confine siya – wala na kaming pagkakataóng makita siya kung lumala ang kaniyang kondisyon. Matapos niyang makuha ang resulta ng x-ray, nakahinga siya nang maluwag dahil walang komplikasyon sa kaniyang bágâ. Nakahinga rin ako nang matiwasay dahil hindi ko pa rin alam ang gagawin kung lumala ang kondisyon niya. Hanggang sa mga oras na iyon, hindi ko pa rin iniisip ang aking sarili. Sinasabi na normal sa mga magulang na unahing isipin ang mga anak. Pero

para sa akin, ipinalangin kong sana ako na lang ang makaranas nang kung anumang dadanasin ni Mama sa oras na lumala ito, kung lalalâ man ito. Habang nagmamaneho pauwi ng bahay, pareho kaming tahimik ni Mama, subalit ramdam ang magkahalong págod at tmlay, hindi dahil lumalala ang aming kondisyon – pagód na ang aming mga utak sa kaiisip sa mga bagay-bagay na maaaring mangyari.

Pansariling kapakanan. Panlipunang kapakanan. Ito ang dalawang bagay na patuloy binabagtas ng ating bayan habang lugmok dito sa isyung pangkalusugan. Maraming tao ang nasa ospital, subalit mas marami ang takot na harapin ang kanilang tunay na kalagayan. Isa sa mga dahilang sinasabi ng mga pasyente ni Mama ay problemang pinansyal. Paano nga naman magpapa-confine ang isang pasyente kung ang tinatanyang gastusin ay nasa milyon? Umugong ang mga balitang may mga ospital na nagdedklarang C19 ang sanhi ng kamatayan ng kanilang mga pasyente kahit na hindi naman ito ang tunay na lagay. Bakit? Dahil walang kakayanan ang pamilya na bayaran ang ospital, idinedeclarang positibo sa C19 upang sa PhilHealth na lamang ito singilin.

Lumitaw din ang problemang imprastruktura ng iba't ibang siyudad at lalawigan. May kakayanan nga bang suportahan ng mga ospital ang bilang ng mga pasyenteng may C19? Maiintindihan kung prayoridad sila, ngunit marami din namang pasyenteng nangangailangan ng agarang-tugon at kalinga. Ginamit na sa aming siyudad, at pati na rin sa kalakhang lalawigan, ang mga malalaking espasyo upang maging pasilidad ng quarantine, o 'di kaya'y lugar-bakunahan. Subalit malaking isyu pa rin ang eksponensyal na paglaganap ng C19 at ang kakulangan ng bakuna. Tuloy-tuloy sa amin ang 'information and awareness drives' kaya't mabilis rin ang pagdagdag ng mga taong nais nang mabakunahan. Mula vaccine hesitancy, mas nagiging mahalaga ngayon ang tugon ukol sa brand hesitancy. Sa mga impormasyong ito'y itinatahi na rin ang samu't saring naratibo ng mga pasyente't doktor dahil mahalagang marinig ng mga tao ang bagay na madaling maintindihan – mga kuwento.



\*\*\*

Matapang kong ipinalanging ako na ang bumuhat ng kung anumang komplikasyon na maaaring danasin ni Mama. Tulad niya, kilala ko ang aking katawan at alam ko ang kasaysayan nito. Sa tuwing ako'y magkakasakit – trangkaso, lagnat dulot ng sobrang pagkapagod, o tonsillitis – madali raw akong pagalingin sabi ni Mama. Bakit? Hindi ako nawawalan ng ganang kumain. Kung gaano ako katalik kumain kapag nása mabuting kondisyon ako, ganoon rin ako kalakas kumain sa tuwing may sakit ako. Hindi ako nawalan ng panlasa at pang-amoy. Marahil, isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi ako masyadong natakot sa C19. Naging malusog ako simula pagkabata hanggang ngayon.

Tatlumpu't tatlong taon na ako, at sa awa ng Diyos, ni minsa'y hindi pa nangailangang operahan. Dalawang pagkakataon ang naaalala ko kung saan muntikan na akong maoperahan. Noong bata pa ako, mahigpit na ipinagbabawal sa amin ang pagbili ng mga pagkain na ibinibenta sa labas ng paaralan. Mahigpit na paalala sa amin ng mga madre: *"Ipapatawag kayo sa Principal's Office kapag nahúli kayong bumibili sa labas."* Nagbiruan kaming mga magkakaibigan: *"Ayaw nilang bumili táyo sa labas kasi hindi mauubos ang food sa canteen. Sayang ang benta!"*

Isang hápon, habang walang nakabantay, bumili ako ng 'scrambol' (scramble) – violet o pink na yelong kinayod at binudburan ng powdered milk at tsokolate. Sa halagang limang piso, naitakas ko ang maliit na basong plastik na naglalaman nito. Naubos ko ito sa loob lámang ng dalawang minuto. Sa sobrang tuwa ko, dinilaan ko pa ang paligid ng baso bago ko ito itapon. Nang makauwi, nagsimula nang humapdi ang aking tiyan. Nang ipatingin ko kay Mama, sabi niya'y kabag lámang ito. Dumapa ako nang matagal na oras habang inaantabayanan ang malaking dighay. Lumipas ang ilang oras at napansin kong mas humahapdi ang aking tiyan. Kinagabihan, hindi na ako makatayo nang matino at pansin na ang paglaki ng aking tiyan. Ito ang unang beses na natatandaan kong isinugod ako sa ospital. Ayon sa aking doktor, kung hindi raw giginhawa ang aking pakiramdam kinabukasan, kailangan na akong operahan.

Hindi ako nakatulog buong gabí at pinakiramdaman ang aking tiyan. Mahapdi. Humihilab. Subalit mas takót ako sa napipintong operasyon.

Sinabihan ako ni Mama na hindi ko naman raw ito mararamdaman dahil sa anestisyâ, pero naroon pa rin ang pangamba. Dumating ang doktor at sa hulîng pagkakatao’y tinignan ang aking tiyan: *“Kailangan ka nang operahan.”* Nanlamig ang aking buong katawan. Sa pagkakataong iyon, bago ako isugod sa operating room, nagpaalam ako para pumunta sa banyo.

Hindi ko na matandaan kung dahil sa sobrang kaba o pangamba, pero pagkapasok ko sa banyo’y hindi ko napigilang sumuka. Tila gripo ang lakas ng puwersa nito. Kulay pink ang nilabas ng bibig ko. Nang narinig ni Mama ang aking pagsuka, dali-dali siyang pumasok sa banyo at ako’y tinulungan. Nang maubos ang laman ng aking tiyan, sabay ding nawala ang sakit at hapdi nito. Milagro? Siyensya? Hindi ko rin alam. Pero ito lang ang nasabi ng doktor ko: *“Kung hindi ko mismo nakita ang nangyari, hindi ako maniniwala.”*

Noong 2011, isinugod din ako ng aking kaibigan sa Cardinal Santos Medical Center. Dahil ito ang pinakamalapit na ospital kung saan ako nakatira, dito niya ako dinala. Biglaang sumakit ang aking tiyan pagkauwi mula sa trabaho. Inakala kong kailangan ko lang magbawas, pero namilipit ako sa sahiq sa sobrang sakít. Pagdating sa emergency room, tinawagan ko si Mama upang kausapin ang attending physician. Gusto na akong operahan dahil bakâ raw pumutok ang aking appendix. Isa lang ang sagot ni Mama sa doktor: *“Bigyan n’yo siya mataas na dosage ng pain reliever. I will be coming from Tarlac. Hintayin n’yo ako diyan. Hindi n’yo siya ooperahan. I will take my son home.”*

Sa loob ng tatlung taon ng aking búhay, minsan pa lang akong nakaranas na mahiwa para sa isang medical procedure – ito ay nang ako’y tuliin. Hanggang ngayo’y ipinagpapasalamat ko na naging malusog ako simula pagkabata. Subalit alam kong ang tunay na kalaban ng kalusugan ay oras. Darating ang panahon na isa-isang manghihina at bibigay ang mga bahagi ng aking katawan. Ang lagi kong paalala sa sarili: hindi ko pabibilisin ang pagdating nito.

Lagi naming pinag-uusapang mag-ina ang isa sa pinakamasakit na paraan upang lumisan – ang aneurysm. Sa tuwing may mga kuwentong namamatayan dahil sa aneurysm, sabay kaming mapapabuntong-hininga,

hindi dahil literal na masakit ito, pero ang trahedyang ideyang biglaang pagkamatay o pagkawala ay napakapait. Ayon sa medikal na mga pag-aaral, walang simtomang aneurysm. Sabi nga ni Mama, isa itong 'factory defect' at nakatanim na sa ugat mula sa pagkasilang hanggang sa sandaling ito'y pumutok. Walang paraan upang malaman kung may aneurysm ang isang tao. Ngunit kung tutuusin, ganito naman ang búhay. Hindi natin alam kung hanggang saan táyo bibitbitin ng ating lakas, at hindi rin natin alam kung sa papaanong paraan táyo lilipas.

\*\*\*

Bago ako i-swab ng nurse, napakarami kong tanong sa kaniya: *"Masakit po ba? Mas masakit pa po ba siya sa tattoo? Ano po ang dapat ko maramdaman?"* Natawa siya. Sinagot niya ako na may halong panloloko at pag-aaruga: *"Sir, less than five seconds lang po ito. Ilang oras po kayo nagpa-tattoo?"* Natahimik ako at ngumiti sa kaniya. Alam kong paraan niya ito upang pakalmahin ako. Matapos nilang isa-isahin ang labindalawang kamag-anak ko, kita sa kanilang mga matang natatakpan nang ilang patong ng personal protective equipment ang pagkapagod. Nang matapos ako, pumasok ako sa kusina at kumuha ng tatlong hati ng aking birthday cake at ice cream. Lumabas ako at ibinigay sa kanila ito: *"Don't worry. Naghugas ako ng kamay at nag-alcohol bago ko sinandok ang mga iyan. Birthday ko kasi ngayon."*

Nagulat silang tatlo. Matapos nila akong batiin, kinuha nila ang alok kong panghimagas at sabay-sabay kumain. Doon ko naisip na itong mga medical healthworkers ang araw-araw na nakabungad sa C19. Sila ang tunay na sumasangga sa sakit upang hindi ito lalong kumalat. Naging makabuluhan ang aking kaarawan dahil nakuha kong ibahagi ang araw na ito sa mga tunay na bayani ng pandemya. Sa susunod na taon, sa aking ikatatumpu't apat na kaarawan, sana'y malaya na táyo sa pandemyang ito. Sa oras na malampasan ang pandaigdigang krisis sa kalusugang ito, nawa'y manatili ang mahahalagang aral na itinuro at iniwan ng C19. Maraming búhay at kabuhayan ang naapektuhan at hinding-hindi na mababalikan – sana'y hindi masayang ang mga ibinuwis na búhay para sa kaligtasan ng karamihan.

Sa maraming pagkakataon, nakakalimutan nating isipin ang mga mandirigmang nakasabak sa front line. Bilang pasyente at bilang bahagi ng statistics, naipon ko ang lakas ng loob upang ibahagi ang aking karanasan. Panigurado, marami akong makukuhang simpatiya, at matatanggap na kalinga at tulong dahil sa pinagdaanan ko. Subalit mahalaga rin na mapakinggan ang karanasan ng mga healthcare professionals na araw-araw kinakasalamuha itong panganib na hindi nakikita. Paano pinapakalma ang mga nurses, doctors, at medical technologists na lantarang inaalay at binubuwis ang kanilang kapakanan dahil nanumpa silang maglingkod para sa sambayanan? Naiisip pa ba nila ang kanilang mag sarili? May panahon pa ba silang mag-alala sa tuwing positibo sa C19 ang pasyenteng sumailalim sa kanilang testing kamakalawa?

Masakit mang isipin na tulad ng pamahalaan, baka nakalilimot na táyong kumustahin sila. Nawa’y mapagtanto ng mga nasa posisyon ang kahalagahan ng mga healthcare professionals. Matagal nang ipinaglalaman ang kanilang mga karapatan at karampatang mga benepisyo subalit bulag pa rin ang pamahalaan sa kanilang kahalagahan. Matapos ang lahat nang ito, nais kong balikan ang tatlong nurse na naging bisita ko sa aking kaarawan. Gusto ko silang kumustahin at tanungin: *“Ano po ang nangyari matapos n’yong nalaman na positive ako?”* Sana ay mayroon silang panahon upang maupo at ilahad sa akin ang kanilang mga daing at karanasan bilang mga bayani sa front lines. Kung maaari, magdadala na rin ako ng cake at ice cream upang aming muling pagsaluhan.

Matagal na panahon nang ipinaglalaman ng mga healthcare workers at healthcare professionals ang kanilang mga karapatan. At matagal na rin itong ipinagdadamot ng pamahalaan sa kanila. Itong mga lisensyado at nakapag-aral na mga manggagawa sa ilalim ng industriya ng kalusugan, sa kanila pa ipinagdadamot ang tamang benepisyo at suweldo. At dahil hindi sila pinagbibigyan ng pamahalaan, mas minabuti na lamang nilang lisanin ang ating bayan. Ngayong nasa gitna tayo ng isang krisi na pangkalusugan, hindi magkanda-ugaga ang pamahalaan kung saan kukuha ng mga healthcare workers na tutulong sa kanila. Matagal, marami, at malakas ang boses ng hinaing nila, subalit mas makapangyarihan at madali pa rin ang talikuran sila.

Ngayon, walang-tigil ang pambabatikos sa Kagawaran ng Kalusugan, sa PhilHealth, at sa mga namumuno nito dahil sa mga eskandalong unti-unting lumitaw. Nang magsimula ang pandemya, mariing binatikos ang kakulangan (o kawalan) ng solidong mga pamamaraan upang supilin ang pandemya. Isang taon at kalahati na rin ang nakaraan at naka-angkla pa rin ang ating bayan sa curfews, lockdowns, at liquor bans. Kung iisiping mabuti, ito ng tamang panahon upang magkapit-bisig ang lahat dahil ang kapakanan ng bayan ang nakasalalay, subalit pinili pa rin ang panahong ito upang palawigin ang katiwalian. Tunay nga sigurong walang kamatayan ang kasakiman. Para sa akin, takot silang ang pandemya’y masolusyonan dahil alam nilang sa oras na matapos ito, maniningil ang sambayanan.

Simula 2013, lagi kong sinisiguradong nasa ibang lugar ako, kasama ang pamilya, mga kaibigan, o minsa’y mag-isa, upang ipagdiwang ang aking kaarawan. Hindi ko malilimutan ang taong 2020 dahil kahit na nasa bahay lang ako, nasa piling naman ako ng aking pamilya, punong-puno ng pasasalamat, dahil matiwasay naming nalagpasan ang banta ng C19. Hangga’t maaari, lagi kong pinipili na ipagdiwang ang aking kaarawan sa isla o sa tabíng-dagat. At ngayon ko lang naisip na isa sa maaaring talinghaga ng búhay at pagpanaw ay katulad ng mga payak na alon sa dalampasigan: laging patungo, at laging papalayo.

#### REFERENCE

Mukherjee, Siddharta. *The Emperor of All Maladies: A Biography of Cancer*. New York: Charles Scribner’s Sons, 2010.